



## 1 | Ang mga misyon ay gawain ng Diyos.

*At wala akong ibang ipinagmamalaki kundi ang mga ginawa ni Cristo sa pamamagitan ko, na nahikayat ko ang mga hindi Judio na sumunod sa Diyos sa pamamagitan ng aking mga aral at mga gawa . . .* **MGA TAGA-ROMA 15:18**

Una sa lahat, ang mga misyon ay gawain ng Diyos. Ang ebanghelyo ay kuwento ni Cristo na nagkatawang tao, namatay sa krus upang pagbayaran ang ating kasalanan, at nabuhay muli upang tayo ay habambuhay na mananatili sa piling Niya. Ito ang magandang balita na ibinabahagi natin sa mundo—ang kuwento ng Diyos na nagdadala ng kaligtasan sa tao. Kailan at paano mo unang naintindihan ang ebanghelyo? Sino ang nangaral sa iyo ng ebanghelyo?

---

---

## 2 | Ang misyon ay ginagawa ng Diyos sa pamamagitan ng Kanyang mga Mamamayan.

*<sup>18</sup>At wala akong ibang ipinagmamalaki kundi ang mga ginawa ni Cristo sa pamamagitan ko, na nahikayat ko ang mga hindi Judio na sumunod sa Diyos sa pamamagitan ng aking mga aral at mga gawa, <sup>19</sup>sa tulong ng mga himala at kamangha-manghang mga bagay na gawa ng kapangyarihan ng Banal na Espiritu. Kaya naipangaral ko ang Magandang Balita tungkol kay Cristo mula sa Jerusalem hanggang Iliricum.* **MGA TAGA-ROMA 15:18,19**

Hindi lamang sinabi ni Pablo na wala siyang *ibang ipinagmamalaki kundi ang mga ginawa ni Cristo*, sinabi din niya ang mga ginawa ni Cristo sa *pamamagitan ko*. Sa tuwing ipinapangaral natin ang ebanghelyo, si Cristo ang kumikilos upang gawin ang Kanyang nais sa pamamagitan natin. Mayroon tayong katibayan ng isang buhay na nagbago na nagpapakita na naranasan natin ang ebanghelyo. Sa pamamagitan ng Kanyang mamamayan, si Cristo ay nangungusap, kumikilos, at gumagawa ng mga himala. Paano nabago ng karanasan mo sa ebanghelyo ang paraan ng iyong pamumuhay?

---

---

## 3 | Ang mga misyon ay gawain ng Diyos sa pamamagitan ng Kanyang mga mamamayan upang madala ang magandang balita sa iba't ibang bahagi ng mundo.

*<sup>19</sup>. . . sa tulong ng mga himala at kamangha-manghang mga bagay na gawa ng kapangyarihan ng Banal na Espiritu. Kaya naipangaral ko ang Magandang Balita tungkol kay Cristo mula sa Jerusalem hanggang Iliricum. <sup>20</sup>Ang tanging nais ko'y maipangaral ang Magandang Balita sa mga lugar na hindi pa naipapangaral si Cristo para hindi ako makapangaral sa lugar na may gawaing pinasimulan na ng iba. <sup>21</sup>Sinasabi sa Kasulatan, "Makikilala siya ng mga hindi pa nasasabihan ng tungkol sa kanya. Makakaunawa ang mga hindi pa nakakarinig."* **MGA TAGA-ROMA 15:19-21**

Bago pa man maging mensahe na kailangang ipangaral ang ebanghelyo, ito muna ay isang karanasan na bumabago sa isang tao. Labis ang pagmamahal sa atin ng Diyos kung kaya't hindi lamang Niya tayo binabago upang maging katulad Niya, kundi hinahayaan Niya tayong makibahagi sa Kanyang dakilang layunin, at ang mabuting balitang ito ay lalaganap sa lahat ng sulok ng mundo upang mabigyan ang lahat ng tao ng pagkakataon upang maligtas. Ano ang nangyari noong una mong ibinahagi ang ebanghelyo?

---

---

### APPLICATION

- Naranasan mo na ba ang ebanghelyo sa paraang nabago nito ang iyong buhay? Nais mo bang maniwala dito ngayon? Hilingin sa isang tao na manalangin kasama mo para sa pagbabago sa iyong buhay.
- Mayroon bang pumipigil sa iyo na maipangaral ang ebanghelyo? Ano ang isang bagay na magagawa mo sa ibang pamamaraan matapos mong marinig ang paksa sa araw na ito?
- Paano mo maipapangaral ang mensahe ng ebanghelyo sa iyong kapamilya at kaibigan? Kanino ka maaaring makipag-ugnayan ngayong linggo?